Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-77 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 09 PEBRERO 2015, IKA-1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konschal Johnell C. Siñel
Konsehal Gualberto V. Magno
Konschal David D. Dela Cruz
Konschal Ramil O. Dimapilis
Konschal Juan S. Advincula
Konsehal Elsie F. Galaran
Konschal Juanito A. Bacay,Jr.
Konschal Joseph M. Galicia - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 023
Taong 2015

KAPASYAHANG NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA **KGG. JACKSON CINCO DY**, PUNONG BAYAN, BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA BUMILI NG TATLONG (3) HEAVY EQUIPMENT SA PAMAMAGITAN NG 20% DEVELOPMENT FUND AT GENERAL FUND NG TAONG 2015 PARA SA MGA PROYEKTO AT PAGAWAING-BAYAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay hayagang sumusuporta sa mga programa at proyekto ng Kgg. Jackson Cinco Dy, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro,

SAPAGKAT, naniniwala ang Sangguniang Bayan na ang pakikipagtulungan at kooperasyon sa mga plano ng punong ehekutibo ay mahalaga upang maisulong ang mga programa at proyektong pang barangay at mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang mga kagamitang makinarya katulad ng road grader, loader at excavator ay kinakailangan upang mamintina at maisaayos ang mga kalsada sa barangay gayundin ang kasalukuyang dump site o tapunan ng basura sa Barangay San Rafael;

SAPAGKAT, ang bumubuo ng Liga ng mga Barangay ay nagpapatunay na malaki ang maitutulong ng mga heavy equipment upang makumpuni ang mga sirang kalsada sa kanilang barangay at matutugunan nito ang mga planong pagbubukas ng mga bagong kalsada sa mga liblib na sitio sa kanilang nasasakupang barangay;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay kaisa ng Punong Bayan at mga Punong Barangay sa mga mithiin at pangarap na mapaunlad ang bayan ng Roxas at makapagbigay ng mga pangunahing serbisyo sa mamamayan nito;

SAPAGKAT, upang maging mabilis ang proseso ng pagbili ng mga makinaryang kinakailangan, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagkakaisang nagmungkahi na bigyang kapangyarihan ang Punong Bayan na gamitin ang mga pondong nakalaan sa ibang

Elsie F. Galaran

proyekto sa 20% development fund at general fund upang gamiting pambili at bigyan ng prayoridad ang pangangailangan sa heavy equipment;

SAPAGKAT, ang mga proyektong pinaglaanan ng pondo sa 20% development fund at general fund sa taong 2015 ay maaari namang paglaanang muli sa susunod na taon sa paniniwalang ito ay makatutugon ng mga mamamayan sa kadahilanang may lubhang pangangailangan sa pagkakaroon ng heavy equipment;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay hindi tumututol sa programang bumili ng heavy equipment at nagkakaisang nagpapatibay na bigyang kapangyarihan ang Punong Bayan na bumili nito sa pamamagitan ng 20% Development Fund at General Fund ng taong 2015.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na bigyang kapangyarihan ang Kgg. Jackson Cinco Dy, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na bumili ng tatlong (3) heavy equipment sa pamamagitan ng 20% Development Fund at General Fund ng taong 2015 para sa mga proyekto at pagawaing-bayan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. Jackson Cinco Dy, Punong Bayan, G. Benito Q. Ballesteros, Municipal Planning and Development Officer, G. Vergildo A. Gara, Jr., Municipal Accountant at Gng. Roselyn F. Copada, Acting Municipal Budget Officer para sa kanilang kaalaman at pagpapasiya.

IPINASYAN PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang mga Punong Barangay ng Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman.

PINAGTIBAY: 09 Pebrero 2015.

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

EDUARDO K. SORIANO
SB Member

JOHNELL C. SINEL
SB Member

GUALBERTO V. MAGNO
SB Member

DAVID D. DE LA CRUZ
SB Member

RAMIL O. DIMAPILIS
SB Member

JUAN S. ADVINCULA
SB Member

ELSIE F. GALARAN
SB Member

JUANITO A. BACAY, JR.
SB Member

JOSEPH M. GALICIA
Pangulo, Liga ng mga Barangay

received:
Feb 18, 2015

mem/020915

2-18-15

2/18/15

received:
Feb 18, 2015 2:28 pm